



Department for Levelling Up,  
Housing and Communities

**Rt Hon Michael Gove MP**  
*Secretary of State for Levelling Up,  
Housing and Communities and  
Minister for Intergovernmental Relations*

Sa pamamagitan ng email

**Department for Levelling Up,  
Housing and Communities**  
4th Floor, Fry Building  
2 Marsham Street  
London SW1P 4DF  
Tel: 0303 444 3450  
Email:  
GrenfellTowerSite@communities.gov.uk

20 Disyembre 2021

Minamahal Naming mga Grenfell Tower Memorial Commissioner,

Salamat muli para sa imbitasyon na makipagpulong sa inyo at direktang marinig ang tungkol sa inyong mahalagang gawain. Ikinalulugod ko ang inyong katapatan tungkol sa kung ano ang kailangan ninyo mula sa pamahalaan upang ipagpatuloy ang gawaing ito. Nauunawaan ko ang halaga ng pagbibigay sa inyo ng kumpiyansa at kalinawan na kailangan ninyo upang muling ipagpatuloy ang inyong pakikipag-ugnayan sa mga komunidad, at nais kong tiyakin na magkaroon kayo ng nakasulat na katibayan.

Nais kong linawin na ako at ang pamahalaan ay walang pag-aalinlangang naninindigan sa pagsuporta sa Grenfell Tower Memorial Commission sa paglikha ng isang naaangkop at panghabang-panahon na memoryal, na dinedetermina ng komunidad, upang bigyang-parangal ang mga taong nawalan ng kanilang buhay sa trahedyang ito. Kinikilala ko ang inyong mahalagang papel sa pangunguna sa prosesong ito na kinasasangkutan ng komunidad, at nais kong tiyakin na kinikilala ito ng mga pampublikong awtoridad na susuporta sa inyo sa inyong pagdedesisyon tungkol sa hinaharap na memoryal. Dahil dito, tama lang na idirekta ang lahat ng pananaw sa memoryal sa Memorial Commission para maisaalang-alang ninyo kasama ng inyong mga komunidad at gagawin ko ang lahat ng aking makakaya para suportahan ito.

Kinikilala ko ang kabuluhan ng tore at ang lubos na pagiging sensitibo ng mga talakayan tungkol dito, lalo na para sa mga naulilang pamilya. Tulad ng nilinaw ko sa ating pagpupulong at sa aking sulat sa The Sunday Times nitong unang bahagi ng buwan, determinado akong pakinggan ang mga namatayan, nakaligtas, at iba pang malapit na naapektuhan na mga miyembro ng lokal na komunidad bago isagawa ang anumang desisyon tungkol sa tore.

Tulad ng tinalakay natin sa pagpupulong, nais kong muling pagtibayin ang mga prinsipyong pinirmahan noong 2018 na nagtakda ng paninindigan ng pamahalaan sa paglalagay ng komunidad sa kaibuturan ng pagtukoy ng naaangkop na bantayog sa lugar, kasama ang mga paninindigan na ginawa ng pamahalaan tungkol sa kung paano ang gagawing paraan at pagsasagawa ng mga desisyon sa hinaharap tungkol sa Grenfell Tower. Kasama rito na bibigyang prioridad ng mga desisyon sa pamamahala ng site, at anumang desisyon na gibain ang tore, ang kaligtasan at seguridad ng site at hindi ilalagay sa alanganin ang

proseso ng hustisyang kriminal o pagtatanong. Alam kong ilang ministro na ang naupo sa posisyon ko mula nang ibinigay ang mga pangakong iyon at mahalaga na muli kong kumpirmahin na pinaninindigan ito ng pamahalaan. Nauunawaan ko na papanagutin ninyo ako rito at tama lang naman.

Ang mga pag-uusap tungkol sa mahalagang isyu na ito ay dapat na sensitibo at ganap na nirerespeto ang halaga ng Grenfell Tower para sa mga namatayang pamilya, mga nakaligtas at lokal na komunidad. Wala akong pag-aalinlangan na muling pagtibayin ang posisyong ito bilang isang wasto at tumpak na gabay para sa mga pagkilos ng pamahalaan ngayon, tulad ng kung paano ito noong 2018. Tulad ng nilinaw ninyo, mahalaga ang tore sa inyo bilang panghuling himlayan ng inyong mga mahal sa buhay kaya ang desisyon tungkol sa hinaharap nito ay may partikular na kabuluhan para sa mga pinakanaapektuhan.


Habang isinasaalang-alang ito, malinaw sa akin na gagabayan ng mga pangakong ito ang diskarte ko at ng aking kagawaran. Nais kong maging transparent at, tulad ng napagkasunduan natin sa ating pagpupulong, ikinalulugod ko ang pagsasapubliko ninyo ng sulat na ito.

Narinig ko na kritikal na bahagi ng inyong paglalakbay ang hustisya. Matitiyak ko sa inyo na naninindigan ang pamahalaan sa pag-alam ng katotohanan tungkol sa kung ano ang nangyari sa Grenfell Tower at bakit. Nais kong tiyakin na ang mga desisyon tungkol sa site ay hindi hahadlang sa mahalagang trabaho ng Metropolitan Police, Grenfell Tower Inquiry at HM Coroner. Tinanong ako sa pagpupulong kasama ang mga naulilang pamilya at nakaligtas noong ika-13 ng Oktubre kung makakapagbigay ng garantiya na hindi mailalagay ang kriminal na imbestigasyon sa panganib ng anumang maaaring pagsira sa tore bago makumpleto ang pagtatanong o ang mga imbestigasyon ng kapulisan. Noong nagpulong tayo, inulit ninyo na kailangan ninyo ng muling katiyakan sa puntong ito upang magkaroon ng kumpiyansa tungkol sa mga desisyon sa hinaharap tungkol sa tore. Sineseryoso ko ang bagay na ito. Bilang bahagi ng aking mga susunod na hakbang, ipagpapatuloy kong makipagtulungan sa mga ahensya ng hustisya upang bigyan kayo ng lahat ng maaaring katiyakan tungkol dito.

Panghuli, humiling kayo ng isang independiyenteng pagsusuri ng payo ng engineering tungkol sa kondisyon ng tore. Ganap kong tinatanggap ang pangangailangan para sa pagiging bukas at transparent upang kayo, at ang ibang miyembro ng mga namatayan at nakaligtas na komunidad, ay magkaroon ng kumpletong ideya tungkol sa sitwasyon ng istraktura ng tore. Mahalaga na may access ang mga pamilya sa impormasyon na magbibigay-kaalaman tungkol sa desisyon bago ito isagawa. Naglathala ng mga engineering report tungkol sa kondisyon ng tore at ng independent peer review ang kagawaran nitong unang bahagi ng taon. Tulad ng ipinapakita nito, ang tore ay isang sirang istraktura at ang kondisyon nito ay patuloy na lalala paglipas ng panahon dahil sa mga pagbabago sa panahon at klima. Gayunpaman, lahat ng gawaing nakumpleto namin hanggang sa ngayon – at iyong mga ipinagpapatuloy – ay nangangahulugan na iyong mga taong nakatira, nagtatrabaho o nag-aaral sa malapit ay magagawang ipagpatuloy ang mga ito nang hindi natatakot. Nais kong suportahan ang isang karagdagang independiyenteng pagsusuri ng kondisyon ng tore kung saan magkakaroon ng ganap na kumpiyansa ang mga miyembro ng naulila at nakaligtas na komunidad. Hiniling ko sa aking mga opisyal na makipagtulungan sa mga namatayan at sa mga nakaligtas, upang mapahintulutan itong mangyari.

Maraming salamat muli para sa oportunidad na makapulong kayo, at sa pagpapahintulot sa akin na marinig at maunawaan nang higit pa ang tungkol sa mga buhay at karanasan sa likod ng Grenfell Tower Memorial Commission. Itinuturing kong mahalaga ang inyong gawain at nais kong gawin ang lahat ng aking makakaya upang suportahan ang pagkumpleto ninyo nito. Inaasahan kong makapulong kayong muli sa hinaharap upang maipagpatuloy ang mga importanteng pag-uusap na ito.

**Sumasainyo sa bawat mabuting hangarin,**

A handwritten signature in black ink that reads "Michael Gove". The signature is written in a cursive, flowing style.

**RT HON MICHAEL GOVE MP  
Secretary of State for Levelling Up, Housing and Communities  
and Minister for Intergovernmental Relations**